REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 95-207

KAPASIYAHAN NA ITINATALAGA (CREATING)/ITINATAAS (UPGRADING) AT/O NIRERERKLASIPIKA (RECLASSIFYING) AT PAGDADAGDAG NG IBA'T-IBANG POSISYON SA PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA AT ANG PAGLALAAN NG KAUKULANG PONDO PARA SA IMPLEMENTASYON NITO.

*************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Rufino B. Joaquin

*************************************************************

SAPAGKAT, ang pagtatalaga, pagtataas at/o pagrereklasipika at pagdadagdag, ng iba't-ibang posisyon ay isang hagdan tungo sa pagpapropesyonal ng burukrasya sa pamahalaang lokal;

SAPAGKAT, ang Local Government Code ng 1991 ay itinakda sa pamahalaang lokal ang kapangyarihan na magtalaga, magreklasipika at/o magtaas at magdagdag ng mga posisyong lokal;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng mga permanenteng posisyon sa isang tanggapan at pagkakaloob ng kaukulang sahod ay nararapat para sa maayos na galaw sa pagtupad ng tungkulin ng mga kawaning matatalaga dito;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng permanenteng posisyon ay kinakailangan upang maprotektahan at magkaroon ng kasiguruhan sa ginagampanang tungkulin ang mga kawani o opisyal para sa kapakinabangan bunga ng kanilang matapat na paninilbihan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila ay napagkasunduan na:

SEKSIYON 1. Ang mga sumusunod na posisyon ay itinatalaga/itinataas at/o inire-reklasipika at idinadagdag kasama ang mga kaukulang grado ng sahod (salary grade) at pag-uusod ng mga sahod (salary ajustment):

I. Paglikha ng labing isang (11) posisyon ng Medical Officer V na may salary grade na 22 para sa kasalukuyang labing isang (11) Medical Officer IV.

II. Paglikha ng tatlong (3) posisyon ng Medical Officer IV na may salary grade 20 para sa tatlong (3) kasalukuyang Medical Officer III (salary grade 16).

III. Paglikha ng tatlong (3) posisyong Dentist IV na may salary grade 22 para sa tatlong (3) kasalukuyang Dentist III (salary grade 19).

IV. Paglikha ng walong (8) posisyon ng Dentist III na may salary grade 19 para sa walong (8) kasalukuyang Dentist II (salary grade 16).

V. Paglikha ng pitong (7) posisyon ng Dentist II na may salary grade 16.

VI. Paglikha ng isang (1) posisyon na Nurse V na may salary grade 20.

VII. Paglikha ng tatlong (3) posisyon ng Public Health Nurse ng may salary grade na 19 para sa tatlong (3) kasalukuyang Nurse III (salary grade 16).

VIII. Paglikha ng limang (5) posisyong Nurse III na may salary grade 16, promosyon para sa mga kasalukuyang limang (5) Nurse II (salary grade 14).

IX. Paglikha ng isang (1) posisyon ng Public Health Nurse II na may salary grade 16 para sa isang Public Health Nurse I (salary grade 12).

X. Paglikha ng dalawang (2) posisyong Nurse II na may salary grade na 14 para sa dalawang (2) Nurse I (salary grade 10).

XI. Paglikha ng tatlong (3) posisyon ng Nurse I na may salary grade 10.

XII. Paglikha ng apat (4) na posisyon ng Sanitary Inspector III na may salary grade 10 para sa apat (4) na kasalukuyang Sanitary Inspector II (salary grade 8).

XIII. Paglikha ng isang (1) posisyon ng Sanitary Inspector IV na may salary grade 15.

XIV. Paglikha ng anim (6) na posisyong Sanitary Inspector II salary grade 6 para sa anim (6) na kasalukuyang Sanitary Inspector I.

XV. Paglikha ng isang (1) posisyon ng Medical Technologist II na may salary grade 15.

XVI. Paglikha ng isang (1) posisyon ng Medical Technologist III na may salary grade 18.

XVII.Paglikha ng dalawang (2) Nutritionist/ Dietitian I na may salary grade 10.

XVIII.Paglikha ng anim (6) na posisyon ng Barangay Nutrition Scholar na may salary grade 6.

XIX. Paglikha ng apat (4) na posisyon ng Midwife V na may salary grade na 15.

XX. Paglikha ng dalawampung (20) posisyon ng Midwife IV na may salary grade 13 para sa labing limang (15) kasalukuyang Midwife III (salary grade 8), at limang (5) matagal na serbisyong Midwife II.

XXI. Paglikha ng dalawampu't isang (21) posisyon ng Midwife III na may salary grade 11 para sa kasalukuyang dalawampu't isang (21) Midwife II (salary grade 8).

XXII. Paglikha ng sampung (10) posisyon ng Midwife II na may salary grade 8.

XXIII. Paglikha ng tatlong (3) posisyon ng Dental Aide na may salary grade 3.

XXIV. Paglikha ng tatlong (3) posisyong Driver II na may salary grade 6 para sa tatlong (3) kasalukuyang Driver I.

XXV. Paglikha ng tatlong (3) posisyong Driver I na may salary grade 3.

XXVI. Paglikha ng isang (1) Computer Operator III salary grade 10 para sa isang (1) kasalukuyang casual na Computer Operator III salary grade 10.

XXVII. Paglikha ng isang (1) Clerk IV salary grade 8 para sa isang kasalukuyang casual na Clerk IV.

XXVIII. Paglikha ng isang Clerk I salary grade 3 para sa kasalukuyang isang (1) casual Clerk I.

XXIX. Paglikha ng isang (1) Utility Worker III salary grade 3 para sa kasalukuyang isang (1) casual Foreman.

XXX. Paglikha ng walong (8) Utility Worker II na salary grade 3 para sa walong (8) casual na Utility Worker I na may salary grade 2.

XXXI. Paglikha ng apat (4) na Utility Worker I salary grade 1 para sa kasalukuyang apat na casual na Utility Worker 1.

XXXII. Paglikha ng isang (1) Nutritionist/Dietitian IV na may salary grade na 22.

XXXIII. Paglikha ng dalawang (2) Nutritionist/Dietitian III na may salary grade na 18, para sa dalawang (2) kasalukuyang Nutritionist/Dietitian II.

XXXIV. Paglikha ng labing isang (11) posisyon ng Utility Worker II sa Tanggapan ng Logistics na may salary grade 3 para sa labing isang (11) casual na Utility Worker.

XXXV. Paglikha ng apat (4) na posisyong Legal Officer IV na may salary grade 24 sa Tanggapan ng Pambayang Manananggol.

XXXVI. Paglikha ng apat (4) na posisyon ng Accountant IV na may salary grade 22 sa Tanggapan ng Pambayang Taga-Tuos.

XXXVII. Paglikha ng isang (1) posisyong Buyer IV na may salary grade 11.

XXXVIII. Paglikha ng apat (4) na posisyong Public Information Officer IV na may salary grade 24 sa Tanggapan ng Kaalamang Pampubliko.

XXXIX. Paglikha ng dalawang (2) posisyong Engineer IV na may salary grade 22 sa Tanggapan ng Inhinyera.

XL. Paglikha ng dalawang (2) posisyon ng Engineer III na may salary grade 19 sa Tanggapan ng Inhinyeria.

XLI. Paglikha ng isang (1) Information Technology Officer III na may salary grade 19 sa Tanggapan ng Punongbayan.

XLII. Paglikha ng mga sumusunod na posisyon sa Tanggapan ng Taga-Tasang Pambayan:

| POSISYON | S.G. | BLG. NG POSISYON |
|---|---|---|
| L.A.O.O. II | 15 | 2 |
| Information Analyst II | 16 | 1 |
| Computer Operator IV | 14 | 1 |
| Data Controller IV | 13 | 1 |

PINAGPASIYAHAN ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa na magtalaga (create)/magtaas (upgrade) at/o magklasipika (reclassify) at pagdadagdag ng iba't-ibang posisyon sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa at ang paglalaan ng kaukulang pondo para sa implementasyon nito. PINAGPASIYAHAN PA RIN ang pagpapawalang bisa ng pinagtibay na Kapasiyahan Bilang 94-141 at Kapasiyahan Bilang 94-183.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-116th regular na pulong na ginanap ngayong ika-16 ng Enero, 1995.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

(Liban)
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

(Liban)
KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan